KIDS GOD WORSHIP

6th Story

# Pinagaling ang may sakit na paralitiko

Through the Roof

KIDS GOD WORSHIP
www.kidsworship.kr

# Pinagaling ang may sakit na paralitiko

– 6th Story –



| | |
|---|---|
| Narrator | Si Jesus ay naglakbay at nagturo sa iba't ibang lugar. Siya ay pumupunta sa maraming mga tao at nagtitipon-tipon upang makinig. Minsan, si Hesus ay nagtuturo sa isang pangkat ng mga tao sa isang maliit na bahay. Ang balita ng kanyang pagbisita doon ay kumalat sa paligid ng bayan at lalo sa madaling panahon. Isang napakalaking bilang ng mga tao ang nagtitipon-tipon sa bahay. Maraming tao ang du-mating at wala nang paraan upang sila ay makapasok pa! |
| Friend 1 | Oh hindi ... Hindi tayo makakapasok. Napakaraming tao. Ano ang dapat nating gawin? |
| Friend 2 | Ngunit tayo ay naglakbay para lamang dito! |
| Amos | Mayroon naman sigurong daan upang makapasok tayo. Kilala ko ang lalaking iyon, Siya si Hesus. Kaya Niya akong pagalingin sa aking karamdaman. Narinig ko na ang mga bagay na kaya niyang gawin. Kaya alam kong matutulungan niya ako. |
| Friend 2 | Gusto rin namin Amos··· Ngunit, sobrang daming tao |
| Friend 3 | Hmmm. Paano tayo makakapasok? |
| Friend 2 | Lahat ng pintuan ay nakasara |
| Friend 1 | Pati ang mga bintana! Hindi ko alam Amos. Natatakot ako na baka hindi na tayo ----- |
| Amos | Sa bubungan! |
| Friends | Huh? |
| Amos | Dalhin ninyo ako sa buka ng bubungan.. Kung maka-ka-akyat tayo, maaari ninyo akong ibaba doon. |
| Friend 3 | Sa totoo lang, magandang ideya iyan! |
| Friend 2 | Tama. Magandang ideya nga. Ang mahirap nito ay··· ang pag-akyat doon. |
| Amos | May nakita akong hagdan doon sa likod. |
| Friend 1 | Sige. Subukan natin |
| Friend 2 | Mabuti na lang at hindi ka matabang tao, kasi kung nag-kataon? Paniguradong mahihirapan tayo. |
| Narrator | Matapos ang labis na pagsisikap, sa wakas nadala ng tatlong magkakaibigan si Amos sa tuktok ng bahay. Si Jesus ay nasa gitna pa rin ng pagtuturo at nagpagpapagaling ng mga tao. |





| | |
|---|---|
| Amos | Sige. Ngayon, ibaba niyo ako ng dahan-dahan. |
| Friends | Sige. Pagpalain ka, Amos! Malapit na! |
| Narrator | Habang ibinababa ng mga kaibigan si Amos sa bahay, itinigil ni Hesus ang ginagawa niya at tumingala at nakita ang nangyayari. Bumaba si Amos sa harap ni Jesus sa gitna ng karamihan. Nagulat ang lahat sa nangyayari, ngunit ngumiti lamang si Jesus. |
| Hesus | Kamusta, kaibigan. |
| Amos | K-kamusta Guro |
| Hesus | Huwag kang mag-alala. Lahat ng iyong kasalanan ay napa-tawad na. |
| Narrator | Sa sandaling sinabi ito ni Jesus, ang mga Pariseo na naro-roon ay nagalit dahil sa sinabi niya. |
| Pharisees | Ang taong ito ay nagsasalita ng may kalapastanganan! Walang makapagpapatawad ng mga kasalanan. Ngunit ang Diyos lamang! |
| Narrator | Alam ni Jesus kung ano ang sinasabi at iniisip ng mga guro ng kautusan sa kanilang sarili. Kaya't tinawag niya ang mga ito. |
| Hesus | Bakit ba kayo nag-iisip ng ganyan? Alin ba ang lalong mad-aling sabihin para sa paralitiko? na "Pinatatawad ka na sa iyong mga kasalanan" o ang sabihing "Tumindig ka at lumakad?" Patutunayan ko sa inyo na ang Anak ng Tao ay may kapangyarihan dito sa lupa na kayang magpatawad ng mga kasalanan. At sinasabi niya sa paralitiko, "Inuutos ko tumindig ka! At dalhin mong ang iyong higaan at umuwi ka!" |
| Narrator | Pagdaka'y tumayo ang paralitiko at naglakad sa harapan ng mga tao. |
| Amos | Purihin ang Diyos! Purihin ang Diyos! Maraming Salamat Panginoon! Alam kong ako ay iyong tutulungan! |
| Crowd | <hahhhh> Wow! Nakakamangha! Ito'y hindi kapani-paniwa-la! |
| Narrator | Umuwi si Amos at kanyang mga kaibigan na nagpupuri sa Panginoon. Maraming tao ang namangha dahil may isang tao na kayang magpalakad ng isang paralisado. Maraming nagtatanong kung sino si Hesus. Marami rin ang naghihina-la. |

"Ngunit upang malaman ninyo na ang Anak ng Tao ay may kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan dito sa lupa…" sinabi niya sa paralitiko, "Tumayo ka, buhatin mo ang iyong higaan, at umuwi ka na!"
Lucas 5:24